

PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OPERATIONS OFFICE
News and Information Bureau

PUBLIC BRIEFING #LagingHandaPH
HOSTED BY PCOO SECRETARY MARTIN ANDANAR
AND PCOO UNDERSECRETARY ROCKY IGNACIO
AUGUST 13, 2021 (11:02 A.M – 12:16 P.M.)

SEC. ANDANAR: Magandang umaga Pilipinas. Ngayon, ika-labintatlo ng Agosto, araw ng Biyernes, mga balita't impormasyon na makakatulong sa taumbayan sa gitna ng ating pagharap sa COVID-19 ang muli naming ihahatid sa inyo.

Ako po ang inyong lingkod, Secretary Martin Andanar; magandang umaga, Rocky!

USEC. IGNACIO: Good morning, Secretary Martin. Bibigyang-linaw natin ang mga tanong at agam-agam ng ating mga kababayan sa sitwasyong pangkalusugan ng bansa sa tulong ng mga panauhin natin ngayong umaga, kaya manatiling nakatutok, ako naman po si Usec. Rocky Ignacio.

SEC. ANDANAR: Simulan natin, Usec., ang talakayan dito sa Public Briefing #LagingHandaPH.

Sa ating unang balita: Isinasagawang bakuna at bigayan ng ayuda ng ilang mga lugar sa Metro Manila iniinspeksiyon ni MMDA Chairman Benhur Abalos. Ang ulat na iyan mula kay Kenneth Paciente. Kenneth, come in.

[NEWS REPORT]

SEC. ANDANAR: Maraming salamat, Kenneth Paciente.

USEC. IGNACIO: Hinimok ni Senator Bong Go ang mga kinauukulan na pabilisin ang pamamahagi ng ayuda para sa mga apektado ng umiiral na ECQ. Bukod kasi sa laban natin kontra COVID-19, kagutuman ang isa pa ring laban na isa na rin aniya sa matinding kinakaharap ng ilan nating kababayan kaya mahalagang agad na maipaabot ang tulong sa ating mga kababayan ngayong nasa ilalim nang mahigpit na lockdown ang ilang mga lugar sa bansa. Narito ang detalye:

[VTR]

SEC. ANDANAR: Para naman alamin ang pinakahuling update sa bakunahan sa bansa, muli nating makakasama ang ating National Task Force Against COVID-19 Deputy Chief Implementer/Testing Czar Secretary Vince Dizon. Good morning, Vince.

SEC. DIZON: Good morning, Sec. Martin. Good morning, Usec. Rocky; sa mga tagapanood, magandang umaga po.

SEC. ANDANAR: Secretary Vince, isang linggo mula nang muling ipatupad ang ECQ sa Metro Manila. So far, kumusta po iyong 250,000 vaccine doses na target na ma-administer sa loob ng isang araw?

SEC. DIZON: Unang-una po, Sec. Martin ‘no, as of today—as of August 12 ‘no, kagabi tayo po ay nasa 26.7 – halos 27 million doses na po ang ating na-administer sa buong bansa. Ang ibig pong sabihin nito eh 6.7 million o halos pitong milyon na po ang nabakuna natin sa unang labindalawang araw ng Agosto ‘no.

Ang average po natin ngayon ay sumipa na po nang mahigit 550,000 a day – 558,000 na po kada araw ang average na nababakunahan natin simula noong Agosto.

Kung ikukumpara po natin ito doon sa July, tayo lang po ay nakaka-average ng mga 320,000. So ngayon lang pong Agosto, unang labindalawang araw eh sumipa na po tayo nang mahigit dalawandaang libo kada araw ang ating nababakuna.

So sa NCR naman po, ganoon din po ang istorya ‘no – napakalaki na po nang tinaas. Noong nakaraang buwan po eh mahigit isandaang libo lang po kada araw ang nababakuna ng NCR pero kahapon po gaya ng sinabi ni Chairman Benhur Abalos eh umabot po ng 231,000 ang nabakuna ng buong National Capital Region. Malapit na po nating maabot iyong ating target pero marami pa ring paghamon pero po naniniwala tayo na maaabot din natin ‘to sa mga susunod na araw.

SEC. ANDANAR: Pero so far, since puspusan po iyong bakunahan ngayon sa iba’t ibang mga lungsod sa Metro Manila, sa inyong palagay, Secretary Vince, nasa ilang porsiyento po ang kayang maabot bago matapos ang dalawang linggong ECQ sa National Capital Region?

SEC. DIZON: Ang target po natin sa katapusan ng Agosto eh maka-50% po tayo na bakunado sa NCR ‘no, fully vaccinated. Siguro po pagkatapos ng isa pang linggo ng ECQ na awa ng Diyos eh hindi naman po natin kailangan i-extend na, eh almost 50% po ‘no, short of that lang pero puspusan po tayo.

Pero, Sec. Martin ‘no, siguro kailangan din maintindihan ng ating mga kababayan at ng mga kasamahan natin sa media na ngayon po eh napakahirap po talaga nitong ginagawa natin at ng ating mga LGU – sabay-sabay po ang pagbabakuna; sabay-sabay ang pagti-test; sabay-sabay ang pagti-trace; sabay-sabay po ang pag-a-isolate, pag-aalaga sa mga may sakit; at sabay-sabay din po sa mga area na under ECQ ang pamimigay ng ayuda.

So ang problema po talaga dito, ang pinakamalaking paghamon natin, Sec. Martin, is iyong mga personnel, iyong ating mga kawani ng national government/local government eh talagang iba-iba na po ang kanilang ginagawa ‘no. Halimbawa po ‘no, iyong ating mga nagbabakuna na nurse, sila din po ang kinakailangan natin na mag-alaga sa ating mga kababayan na nagkakasakit ngayon sa mga ospital. Iyong ating mga doktor ganoon din po, iyong atin naman pong mga volunteers, sila din po ang ginagamit ng ating mga LGU, iyong ating mga barangay emergency response teams, sila din ang ginagamit sa ating disease prevention at sila din po ang minsan ay ginagamit lalo na iyong mga kawani ng DSWD at ng mga City Social Welfare Offices sa pagbibigay ng ayuda.

Kaya po talagang napakabigat po talaga ng ating hinaharap pero nakakalakas po ng loob na kahit na ganoon po ang sitwasyon na malaki pa rin po ang nababakuna ng ating mga LGU hindi lamang sa NCR kundi sa Iloilo, sa Cagayan De Oro, sa Cebu, sa Davao ‘no, sa iba’t iba pang area... sa Cavite, sa Laguna na medyo tumataas po talaga ang mga kaso. Pero tuluy-tuloy lang po ang suporta na ating binibigay, Sec. Martin.

SEC. ANDANAR: Kahapon po ay binuksan na rin sa publiko ang bakunahan sa Bagong Nayong Pilipino. Nasa ilang katao po kaya ang kayang ma-accommodate dito at saan manggagaling ang mga bakunang ilalaan dito?

SEC. DIZON: Napakaganda po niyan, Sec. Martin, perfect timing po ang pagbukas ng Nayong Pilipino Mega Vaccination Facility. Ito po ay simbolo ng kooperasyon at pagtutulungan ng private sector at ng LGU at ng national government. Nagpapasalamat po tayo sa ICTSI, kay Mr. Ricky Razon at sa kaniyang team dahil napakalaking bagay po nito ‘no. Pero ito nga po ang kailangan natin ngayon – kailangan nating magtutulongan, kailangan nating magsama-sama.

Nagpapasalamat din po tayo ng malaki sa Philippine Red Cross, kay Senator Richard Gordon, kahit na po siya ay nagkasakit ay tuluy-tuloy po ang ating bakunahan sa Red Cross. At ngayon po ay kailangan padamihin pa natin, kaya kami po ay makikipagpulong ulit sa ating mga leaders ng Philippine Red Cross sa pamumuno ni Senator Gordon para padamihin pa po natin ang ating pagbabakuna sa pamamagitan ng mga non-government organizations tulad ng Red Cross at ng private sector tulad ng ICTSI.

Ang capacity po ng ICTSI ay mula sampung libo hanggang labinlimang libo kada araw. Iyan po ay manggagaling hindi lamang sa Parañaque – kung saan ito ay host city ng mega vaccination facility – kung hindi sa buong Metro Manila, pati na rin sa mga malalapit na lugar tulad ng Cavite at iba pang mga lungsod sa Southern Metro Manila. So magtutulongan po tayo, napakaimportante po nitong pagtutulongan at bayanihan na ito.

SEC. ANDANAR: Sec. Vince, iyong arrival ng dalawang milyong doses ng CoronaVac vaccines na dumating kahapon, iyong Pfizer vaccine, at Sinopharm na donasyon ng bansang UAE na dumating naman noong isang araw, for deployment na po ba ito at saang mga lugar po ito idi-deploy?

SEC. DIZON: Opo. Magsisimula na po ngayong araw ang deployment ng mga dumating na Sinovac kagabi at iyong mga dumating na iba pang bakuna kasama na iyong donation ng United Arab Emirates, ngayong araw na ito po. Nagpapasalamat po tayo ulit kay Sec. Charlie Galvez na talagang walang tigil ang paghahanap ng paraan para makakuha tayo ng bakuna nang mabilis at madami kahit na hirap na hirap po ang ibang bansa na makakuha ng supply.

Ngayon po ay may dumating na mahigit limandaang libong AstraZeneca na prinocure [procured] po ng ating private sector at ng ating mga LGU. Lahat po iyan ay idi-deploy nang mabilis. Ang priority po natin, Sec. Martin, unang-una, ang lahat ng mga areas na nasa ECQ – NCR, Iloilo, Cagayan de Oro, Laguna, Bataan at iba pang mga lugar. Priority rin po iyong mga areas na mataas ang surge ng kaso, iyong tinatawag ng DOH na Alert Level IV ‘no, kasama po diyan ang mga iba’t ibang lugar sa Cavite, may mga ibang lugar sa Ilocos Norte at iba pa sa Visayas at sa

Mindanao. So kasama na po diyan ang Cebu; kasama na po diyan ang Davao. So iyan po ang priority natin dahil diyan po tumataas ang ating mga kaso.

SEC. ANDANAR: Pinu-propose nga po ni Secretary Joey Concepcion na bumili ang private sector ng bakuna intended naman po sa mga anak ng kanilang empleyado. Napag-usapan na ba ito ng vaccine cluster kung papayagan ito, Secretary Dizon?

SEC. DIZON: Lahat naman po iyan ay pupuwede, Sec. Martin. Nagpapasalamat tayo kay Presidential Adviser Joey Concepcion sa kaniyang inisyatibo. Ang importante lang po talaga ay magtulungan tayo, maghanap tayo ng sources ng bakuna. Ngayon po talaga ay nagkakaipitan ng bakuna sa buong mundo dahil po ang buong mundo ay nakakaranas ng pagtaas ng mga kaso, hindi lang ang Pilipinas. Pero open po tayo diyan, kailangan lang po tayong sumunod sa mga patakaran sa loob ng ating vaccination law na pinasa nitong mga nakaraang buwan ng ating Kongreso at pinirmahan ng ating Pangulo.

SEC. ANDANAR: Secretary, may ilang mga katanungan po ang mga kasamahan natin sa media. Please go ahead, Usec. Rocky Ignacio.

USEC. IGNACIO: Thank you, Secretary Martin. Sec. Vince, sa kabila po ng pagpapatupad natin ng vaccination rollout, tuluy-tuloy po ito, pero ito po ay sinasabayan ng pamamahagi ng ayuda ng LGU. So paano po natin natutugunan itong pagpapatuloy nating vaccination rollout na kailangang-kailangan po natin makuha iyong target?

SEC. DIZON: Eh iyan nga po ang hamon na malaki ngayon dahil nga sa pagtaas ng mga kaso at may mga area tayo tulad ng NCR, Iloilo, Laguna, Bataan, Cagayan de Oro na naka-ECQ kasabay po itong pagbibigay ng ayuda, at kailangan po iyan ay sabay-sabay. Kaya po talagang napakaimportante po ang pagtutulungan natin sa ating mga local government units. Saludo po tayo sa kanila dahil hindi po madali ito. Pero ginagawan po ng paraan at nakikita naman po natin sa NCR, sa Iloilo, sa Bataan, sa Laguna ay nandoon pa rin po ang pagbabakuna natin; nami-meet po natin ang ating mga target. Halimbawa po sa City of Iloilo, umaabot po nang mahigit sampung libo hanggang labinlimang libo ang pagbabakuna, pero at the same time ay nagdi-distribute din tayo ng ayuda at nag-aalaga din po tayo ng ating mga nagkakasakit. Ganoon din po sa NCR, ganiyan rin po sa Cebu, sa Davao, sa Bataan. Tulung-tulong lang po talaga.

Hindi po madali ito 'no. Kailangan maintindihan po ng ating mga kababayan at mga ka-partner sa media na napakabigat po nito at napakahirap, pero pinipilit po natin para talagang maproteksiyunan ang ating mga kababayan.

USEC. IGNACIO: Opo. May tanong naman po si Joseph Morong ng GMA News: Nararamdaman na po ba natin ang effect ng ECQ? Hindi po ba tayo nagwo-worry na tataas ang cases if matapos na ang ECQ next week?

SEC. DIZON: Masyado pa pong maaga, Usec. Rocky, Joseph, para maramdaman natin iyan. Sabi ng mga eksperto, ang period talaga ay dalawang linggo, so mahirap sabihin sa ngayon. So asahan natin, sabi nga ng DOH, asahan natin na tataas pa ang mga kaso. Pero ang importante, aktibo ang national government, aktibo ang ating mga LGUs, aktibo ang private sector, aktibo

ang mga non-government organization tulad ng Red Cross. Kailangan lang po talaga nating magsama-sama at magtulongan.

USEC. IGNACIO: Opo. May tanong po si Celerina Monte ng NHK: Sinabi ninyo raw po, Secretary Dizon, there's no need to extend ECQ in NCR. Tama po ba raw ito? At ano raw po ang basis? Is this the emerging consensus ng IATF members?

SEC. DIZON: Wala pa po. Unang-una, wala ho akong sinabing ganoon 'no. Kagaya ng sinasabi natin paulit-ulit, very unpredictable po ang COVID-19 pero ang importante ay umaaksiyon tayo nang mabilis at desidido tayo sa ating ginagawa at nakikipagtulungan tayo sa lahat ng segmento at sektor ng ating lipunan.

Iyon lang po ang puwede nating gawin ngayon at mahirap pong magsalita nang tapos. Nalaman po natin iyan at natutunan po natin iyan nitong nakaraang halos magdadalawang taon na tayong lumalaban sa COVID-19.

SEC. ANDANAR: Maraming salamat po sa inyong panahon, Secretary Vince Dizon. Mag-ingat po kayo, Sec.

SEC. DIZON: Maraming salamat, Sec. Martin, Usec. Rocky. Ingat po kayo. God bless po!

SEC. ANDANAR: Samantala, hanggang dito na lang muna tayo, ang aking responsibilidad for this morning para sa Laging Handa at mayroon pa tayong iba pang mga meetings sa opisina naman – official work, ministerial work. Please take it away, Usec. Rocky, and have a great weekend.

USEC. IGNACIO: Thank you, Secretary Martin.

Samantala, 575,800 doses ng AstraZeneca vaccine ang dumating sa bansa ngayong umaga. Ang mga bakunang ito ay binili ng pribadong sektor sa ilalim ng Go Negosyo Dose of Hope Project.

Ayon kay Presidential Adviser for Entrepreneurship Joey Concepcion karamihan sa mga bakunang ito ay mapupunta sa pribadong sektor sa National Capital Region, at depende sa binili ng isang kumpanya.

Ang mga bakunang dumating naman ngayong araw ay 50% ng 1.15 million doses ng AstraZeneca vaccine na nakasaad sa November 27 Tripartite Agreement. Sa Setyembre naman inaasahang darating ang kalahati pang mga bakunang binili ng pribadong sektor.

Nagpasalamat naman si Vaccine Czar at NTF Chief Implementer Secretary Carlito Galvez Jr. sa pakikipagtulungan ng pribadong sektor sa national government sa vaccine rollout.

[AVP]

USEC. IGNACIO: Samantala, narito naman po ang pinakahuling datos ng COVID-19 cases sa bansa base sa report ng Department of Health as of August 12, 2021:

- Umabot na po sa 1,700,363 ang total number of confirmed cases matapos itong madagdagan ng 12, 439 na mga bagong kaso kahapon.
- 165 naman ang mga nasawi kaya umabot na sa 29,539 ang total COVID-19 deaths.
- Nakapagtala din tayo ng 1,583,161 total recoveries matapos itong madagdagan ng 6,090 na mga bagong gumaling sa sakit.
- Ang active cases naman sa kasalukuyan ay 87,663.

Base naman po sa latest biosurveillance report ng Philippine Genome Center as of August 11:

- Nadagdagan ng 177 ang kaso ng Delta variant sa bansa.
- Sa kabuuan, umabot na po sa 627 na na-detect na tinamaan ng mas nakakahawang Delta variant; apat po ryan ay bini-verify pa ng DOH.
- Nadagdagan naman ng apat ang bilang ng nasawi kaya umabot na po sa 13 katao ang namatay dahil sa Delta variant.
- 13 rin po ang nananatiling active cases.
- 102 naman po ang bagong naitalang kaso ng Alpha variant, 59 new cases ang nadagdag sa Beta variant habang 14 ang bagong kaso naman ng P.3 variant.

Sa muling pagsipa ng mga kaso ng COVID-19 sa bansa, unti-unti naman pong napupuno ang mga ospital. Ang ilan sa kanila ay dumaraing na dahil kinakapos na sa gastusin sa pagtugon sa pangangailangan ng mga pasyenteng may COVID. Tanong nila, kailan ba sila mababayaran ng PhilHealth para sa mga pending COVID claims, kaugnay niyan makakausap po natin si Dr. Shirley Domingo, ang Vice President for Corporate Affairs ng PhilHealth. Good morning po, Doc.

PHILHEALTH VP DR. DOMINGO: Good morning, Usec.! Good morning sa lahat ng nakikinig at nanunood po ngayon.

USEC. IGNACIO: Opo. Tama po ba itong naging pahayag kamakailan ni Dr. Jaime Almora ng Philippine Hospital Association na nasa 20 billion na po ang utang ng PhilHealth sa mga ospital sa bansa?

PHILHEALTH VP DR. DOMINGO: Kailangan pong ma-realize ng mga nakikinig na tao na at any given day sa PhilHealth ay we are processing hundreds of thousands of claims amounting to [garbled]. Hindi po lahat ng iyon ay utang nga na sabi, in other words, delays. There are some that are—kasi as of now, we paid [garbled] a total of 106 billion na since last year noong nag-start kami. And iyong nadi-delay po tayo is in the COVID claim which comprises around 15% of the total claims by PhilHealth.

So in a way, tama rin naman ang sinasabi ni Dr. Almora that there are billions that are payables. We have to reconcile our data with them which we are doing naman. [garbled] naman kami sa kanila at the national and regional level kung magkano na ang payables ng PhilHealth sa mga individual hospitals po.

USEC. IGNACIO: Opo. Doc, ito po ay tanong naman natin mula sa media [garbled] ng CNN Philippines: Kung susumahin, nasa magkano na po ba ang nababayarang utang ng PhilHealth sa mga ospital para sa kanilang COVID claims at magkano rin po iyong pending pa na kailangang bayaran?

PHILHEALTH VP DR. DOMINGO: Well, sa COVID claims specifically sa claims na kasama doon iyong mga testing package natin, community isolation unit benefits natin at saka iyong patient [garbled] nakapagbayad na po tayo ng mga 12 billion in claims po ‘no. That’s around [garbled] of the total claims that we received, so, nabayaran po natin ngayon the rest po ay pina-process po natin.

Most of the delays actually in claims is—aside from the [garbled] patient claims na nadi-delay, COVID claims, because of several [garbled] we have to return to the hospital iyong mga claims nila pero iyong malaking portion is in the testing po. May [garbled] po tayo sa testing claims, mainly the required documents ay hind po nasu-submit ng [garbled] iyon aside from the fact na hindi nakaka-submit [garbled] claims ang ating mga testing centers kaya kailangan po [garbled] corporation i-encode kasi previous to pandemic mostly almost 100% na tayo [garbled] claims.

But we agreed to receive claims [garbled] iyong hrap ng hospitals and testing centers mag [garbled] claims. So, iyon po, nag-e-encode pa tayo kaya medyo late po tayo. But we have paid already a total of almost P12 billion [garbled] claims.

USEC. IGNACIO: Opo. Doc, sa pending payments ng PhilHealth [garbled] nakakaranas ngayon ng financial distress ang ilan daw pong mga ospital, dumaraing po sila dahil naaapektuhan na ang kanilang operasyon at ‘di umano nadi-demoralize na rin po daw ang ilang mga doktor kasi kasama sa mga nabibinbing bayarin ang kanilang mga professional fee. Sila pa naman daw po iyong mga frontliners sa laban natin ngayon sa COVID-19. Ano po ang puwedeng gawin natin dito para po mapabilis ang pagbabayad sa kanila lalo pa’t nananawagan na rin po ang Pangulo na pabilisin iyon pong pagsi-settle ng PhilHealth sa mga hospital claims?

PHILHEALTH VP DR. DOMINGO: Opo. We understand them completely, iyong aming Presidente, si Atty. Dante Gierran na mismo ang tumututok dito sa issues na ito. Mini-meet po natin ang mga regional vice presidents who are managing the claims processing at the regions and naglabas po kami ng mga—nag-usap kami with the hospitals in the regions on strategies how to fast track claims.

Ang isa po doon ay ie-extend po natin ang availment ng DCPM wherein nagbabayad tayo ng 60% [garbled] of the total claims that we are processing; so, isa po iyon.

I-augment po natin ang ating mga human resource claims and processing. [garbled] na kami kung paano gawin iyon. Magdadala kami ng mga tao from [garbled] or even from several

regions [garbled] ang claims processing doon sa mga regions na nangangailangan ng additional human [garbled].

[garbled] ang PhilHealth po ay naapektuhan ng pandemic kasi iyong ating human resource ay nagkakasakit, [garbled]. So nag-identify na kami ng sources how to augment our claims process [garbled] para ma-fast track; naiintindihan po namin.

[garbled] ang aming mga processes para ma-streamline ang processes na ito at makakatulong na rin sa pagbilis ng claims na ito. So, tinututukan po natin iyan. Alam po natin iyan, nangangailangan talaga iyong mga ospital na iyon ng karagdagang financial resources lalo na ngayon na iyong variant na surge ay nandito na [garbled] talagang causing issues [garbled].

Salamat.

USEC. IGNACIO: Doc, dahil na rin daw po sa memoranda na inilabas ng PhilHealth kaya nagkaroon ng information disconnect sa mga regional offices ng PhilHealth at confusion sa ilang mga ospital. So, nagkaroon rin po ba ng pagpupulong ang PhilHealth kasama ang Philippine Hospital Association kaugnay dito sa usapin at ano po ang resulta ng meeting ninyo?

PHILHEALTH VP DR. DOMINGO: Yes po. Nag-meet tayo with different officers of Philippine Hospital Association and Private Hospital Association of the Philippines, we met with them with the presidents of both, Dr. Almora and Dr. De Grano. We laid out the issues talaga confronting PhilHealth and iyong mga katulad po niyan, iyong mga confusion in policies na sinabi po sa amin iyon.

Actually, ngayon, ongoing ang meeting natin ngayon with the officials of the corporation to iron out all the issues talaga on the policies that they say were confusing. So, tinututukan po natin iyan ngayon and we hope with this mapabilis po natin ang mga claims processing.

USEC. IGNACIO: Opo. Pero, Doc tingin po ninyo, kakayanin po bang makasunod ang PhilHealth sa naging direktiba na rin po ni Presidente na bayaran na ang lahat ng pending claims ng mga ospital at kailan ito mangyayari? Mula naman po kay Vic Tahod ng Sonshine Radio: Papaano po napapanatili ng PhilHealth ang pagbabayad sa mga ospital?

PHILHEALTH VP DR. DOMINGO: Yes, susunod talaga kami sa direktibang ito at tinututukan po natin iyan closely with the president himself, he is there in all our meetings, si President Gierran. Hinihimay po natin isa-isa lahat ng policies na iyan, lahat ng bottlenecks na iyan at hinahanapan po natin ng mga solusyon lahat iyon para mapabilis nag pagsunod namin sa direktiba to release funds kaagad na kailangan ng ating mga ospital.

USEC. IGNACIO: Opo. Doc, Shirley, tanong pa rin po ni Vic Tahod ng Sonshine Radio: Ano po ang masasabi ninyo sa posibleng paggamit ng Ivermectin ng mga doctor? Mabibigyan pa rin ba sila ng tulong mula sa ahensiya? Wala po bang kinalaman ang PhilHealth anong gagamitin, kung Ivermectin or Remdesivir?

PHILHEALTH VP DR. DOMINGO: Alam mo ang PhilHealth sa ating pag-develop ng ating mga benefits, including sa medicines that we allowed to be paid ay sumusunod po tayo sa mga experts opinion on this, iyong mga sa healthcare and clinical practice guidelines. So the issue of Ivermectin and other antibiotics and other drugs and medicines to be used in the management of COVID ay susunod po tayo niyan doon sa discussions, agreed discussions in the [garbled], Department of Health, with our [unclear], BFAD, so lahat po iyon, pag-discuss po nila iyon, whatever the result of that, iyan po ang ating sinusunod.

USEC. IGNACIO: Kami po ay nagpapasalamat sa inyong panahon at siyempre sa pagbibigay linaw, PhilHealth Vice President for Corporate Affairs, Dr. Shirley Domingo. Stay safe po, Doc.

PHILHEALTH VP DR. DOMINGO: Salamat po at stay safe po tayong lahat. Salamat po.

USEC. IGNACIO: Samantala, inaprubahan ni Pangulong Rodrigo Duterte ang mga pagbabago ng quarantine classification sa ilang mga lungsod at probinsya. Maliban dito, muling magpapatupad ng extension sa temporary travel restriction ang Pilipinas sa ilang mga bansa. Ang kabuuang report mula Mela Lesmoras.

[NEWS REPORT]

USEC. IGNACIO: Samantala, sa gitna ng mga alegasyon sa DOH kaugnay sa kuwestyunableng paggamit ng pondo para sa COVID-19 response noong 2020, Senator Bong Go, nanawagan sa ahensiya na agad linawin at maipaliwanag sa taumbayan ang nasabing isyu. Narito ang report.

[NEWS REPORT]

USEC. IGNACIO: Iba-ibang mga hakbang po ang ipinatutupad ng pamahalaan para tulungan ang ating mga kababayan na tinamaan ng COVID-19 na mabigyan ng agarang atensiyong medical. Isa na nga po dito ang One Hospital Command Center. Kaugnay niyan ay makakausap po natin si Dr. Marylaine Padlan, Medical Officer 3 ng One Hospital Command Center. Good morning po, Doc. Welcome po sa Laging Handa?

DR. PADLAN: Good morning, USec. and good morning po sa lahat ng nanunood po.

USEC. IGNACIO: Opo. Kayo po ay nandiyan sa PICC, diyan sa One Hospital Command Center natin?

DR. PADLAN: Yes po. Iyang nasa likod po natin, iyan p iyong team natin na duty po ngayon.

USEC. IGNACIO: Opo. Bagama't last year pa po sinimulan itong inisyatibo nitong pamahalaan ano po na magkaroon ng One Hospital Command Center, pero para lang po sa kaalaman ng ating manunuod, ano po ba talaga ang layunin nito at sinu-sino po ang maaaring matulungan ng One Hospital Command Center?

DR. PADLAN: So, ang One Hospital Command Center, ang layunin po niya ay maging main national navigation and referral center ng bansa. So, ano po ba ang ibig sabihin ng navigation

and referral center? So kami po ang OHCC po, kami po naghahanap ng health facility na naaayon sa pangangailangang medical ng mga callers namin o ng mga clients namin at kami na rin po ang magri-refer po sa kanila. Kasama na rin po dito iyong mga transportation na gagamitin para dalhin iyong mga pasyente po natin doon sa mga facilities na iyon. So, when we say facilities, kasama na po dito iyong health facility hospitals, mga infirmaries and iyong mga isolation facilities, kasama na din po iyon.

Then, kung sinu-sino po ang puwedeng tumawag sa atin? Kahit sino po puwede pong tumawag sa amin, individual man ito, puwede iyong pasyente mismo o iyong kliyente o iyong kamag-anak niya nag-concern sa pasyente niya, puwedeng mga LGU or mga health facilities po na nagri-request ng tulong or assistance. Kahit po mga repatriates po natin, basta may pangangailangang medical, COVID man po ito or non-COVID, puwede pong tumawag dito sa One Hospital Command Center at tutulungan po namin sila.

USEC. IGNACIO: Opo. Doc, dahil sa sinasabi po na napakarami po, punuan na iyong mga hospital dito, so malaking tulong po ng One Hospital Command Center ano po? May tanong naman po si Vic Tahod ng DZAR 1026 Sonshine Radio: May ilan pong mga tao na nagsasabi na hindi namin alam kung saan kami tatawag o anong numero ang tatawagan namin during nagpositibo kami. Wala po bang nag-a-advice kung ano ang gagawin namin? Once and for all saan po sila puwedeng tumawag kung lumabas po ang resulta ng swab test nila at kung may mild symptoms sila, ano raw po iyong puwedeng gawin? Dapat po bang mag-self-medication? Kung severe naman po ang symptoms, ano raw ang puwede nilang gawin?

DR. PADLAN: Okay po. So dito po sa One Hospital Command Center, mayroon po kaming apat na working hotlines po ngayon ‘no – one is the DOH COVID hotline 1555 so puwede pong [garbled] dito po ‘no, puwedeng tumawag dito iyong mga pasyente po natin na naging positive po then we can assist them po ‘no kapag nag-positive po sila.

Then mayroon din po kaming cellphone hotlines: its 0915-7777777, that’s the Globe hotline po namin; then we have Smart, that’s 0919-977333; and then mayroon din po kaming landline na 886-505-00 po. [Garbled] po iyong sa 1555 toll free po siya ‘no so libre po iyon, puwede pong gamitin ng kahit [garbled] po.

‘Pag nagka-mild symptoms po ang isang [garbled] positive or kahit asymptomatic po ‘no basta naging positive po sila. Ang guidelines po natin na sinasabi po natin ay isolation facility lang po ‘no, hindi po natin kailangan dalhin sa ospital. Kung kailangan pong magpagamot, puwede pong may tele-consult po dito; dito rin po sa OHCC may tele-consult din po kami. Mayroon din naman pong mga tele-consult sa mga ibang hospital, sa mga ibang [garbled] nag-o-offer din po sila ng tele-consult.

Pero iyon nga po kapag mild and asymptomatic, kailangan po nasa health facility. So puwede rin po sila tumawag dito sa amin ‘no, tutulungan po namin—hahanapan po namin kayo ng isolation facility. Puwede namin iyon i-coordinate sa LGU po or doon sa Oplan Kalinga po which is the isolation arm of the government po when it comes to COVID.

Kapag moderate, severe or critical naman po iyong symptoms po natin, iyan po iyong kailangan na po dalhin natin sa ospital. Puwede rin po tumawag dito at gagawin po namin iyong makakaya namin para ma-refer po natin ‘no sa appropriate hospitals that can cater the need of the patient po ‘no.

Then kung hindi po nila alam kung anong gagawin po ‘no, nag-positive sila, hindi nila alam kung symptoms po nila ay mild, severe or moderate po, puwede po silang tumawag sa amin dito. Tutulungan po namin sila, ita-triage namin sila dito at gagabayan po namin sila sa mga susunod na hakbang na puwede po nilang gawin.

USEC. IGNACIO: Opo. Doc, ang ibig mong sabihin itong mga tatawag diyan ay may makakausap ring mga doktor na magbibigay rin ng payo kung ano po ang gagawin nila ano po?

DR. PADLAN: Yes, po. Mayroon po kaming mga tele-consult doctors po kung gusto po nilang—kunyari may mga ubo’t sipon ‘no, iyong mga mild symptomatic po natin, puwede naman po silang mag-tele-consult din po ‘no para mabigyan po ng reseta din po or kung tatanungin kung kailangan ba ng reseta; kasi ang COVID naman po ‘no [garbled] naman po ang paggamot natin dito.

Then mayroon din po kaming mga coordinators po ‘no, they are well-trained po na magta-triage po sa kanila para ma-direct [garbled] sa naaayon na health facility iyong ating mga [garbled].

USEC. IGNACIO: Opo. Doc, ngayong patuloy din iyong pagtaas ng bilang ng mga tinamaan ng COVID-19 at pila na rin po iyong admissions sa mga ospital, kumusta po iyong turnaround time nang pagbibigay ninyo ng aksiyon sa mga tumatawag sa inyong mga linya?

DR. PADLAN: So iyong pag[garbled] ng kaso, then pagdami din po ng pila sa ospital na nagkakaroon na rin ng punuan, hindi namin [garbled] naapektuhan na iyong aming referral and navigation po ‘no. Pero [garbled] namin na may difficulties ‘no when it comes to [garbled].

Hindi po namin binibitawan iyong mga pasyente po namin, patuloy po kaming naghahanap ng mga ospital, ng mga health facilities at patuloy din naming minu-monitor iyong patient sa kondisyon po nila. At the same time nakiki-coordinate din po kami sa mga LGUs po para i-monitor po iyong pasyente namin despite ‘no the [garbled] cases po sa mga hospitals natin.

USEC. IGNACIO: Opo. Doc, kapag tumawag ba ako sa OHCC ay tiyak na makakakuha ako ng atensiyong medikal o may natatanggi po kayo?

DR. PADLAN: Wala po kaming tinatanggihan po dito sa One Hospital Command Center. Basta dumating po iyong tawag ninyo, iyon pong sasagot ng tawag ninyo may magtatanong po ‘no ng information na needed po namin para malaman namin kung anong pangangailangang medikal ninyo and using that information ay iku-coordinate po [garbled] kung saan po ba dapat na health facility kayo dalhin at iyon po, para mabigyan po namin ‘no, matugunan namin iyong pangangailangang medikal po ng pasyente.

So wala po kaming tinatanggihan po dito, definitely may sasagot po at mai-entertain po namin lahat ng tatawag po dito.

USEC. IGNACIO: Opo. Panghuli na lang, Doc. So lahat po ng mga tumawag na sa inyo ay nailagay naman po sa mga ospital at talagang kung puwede nating sabihin na talagang may mga pagdadalhan pa rin po doon sa mga posibleng tatawag sa inyo na naging positibo sa COVID?

DR. PADLAN: Nahahanapan naman po namin sila ngayon ‘no. Alam naman nating punuan, may kahirapan sa pag-referral pero nahahanapan naman po namin sila ng ospital na tatanggap. Patience lang po talaga ang kailangan natin ngayon dahil hindi naman po namin kayo bibitawan ‘no, lagi namin kayong tatawagan, ia-update regarding sa kondisyon, sa mga referrals at tatanungin din namin kung ano iyong preference [garbled].

Patient-centered po kasi kami dito sa One Hospital Command Center; hindi naman namin bibitawan iyong ating mga pasyente po ‘no. So patuloy pa rin na nahahanapan ng ospital, may difficulty dahil nga sa dami ng cases pero nahahanapan pa rin. But ginagawa ng mga coordinators namin, na mga Health Program Officers namin iyong best nila para makahanap po ng ospital para sa mga pasyente.

USEC. IGNACIO: Opo. Doc, pasensiya na po. May gusto lang pong linawin si Tuesday Niu ng DZBB: Tama ba ang sinabi ni Dr. Padlan na hindi lang COVID case ang puwedeng itawag sa kanila kundi puwede na rin daw po iyong mga non-COVID cases? Ano pong halimbawa ng medical condition ang puwede nilang tanggapin at i-refer sa mga ospital?

DR. PADLAN: Ah, yes po ‘no! Kahit last year pa po noon ‘no, hindi lang po puro COVID ang hinahawakan naming mga kaso.

So kahit po—for example na ng mga nahawakan namin na non-COVID, ito iyong mga [garbled] COVID suspects, ito iyong mga walang swab. Then isa pa po iyong malapit nang manganak or in labor na mga [garbled] po namin, na mga mommies po natin. Nakaka-handle na rin kami diyan, nari-refer na rin po namin ‘yan sa mga ospital – mga stroke, mga intake sa puso, marami na rin po kaming nahawakan niyan. Kahit iyong mga patients po na may psychiatric needs or even iyong mga may mga inquiries – for example, mayroon silang findings na fracture, hinahanapan din po namin iyan ng mga ospital or mga health facilities na puwedeng tumingin po sa kanila.

USEC. IGNACIO: Opo. maraming salamat po sa inyong panahon na ibinigay sa amin at siyempre sa inyong impormasyon, Dr. Marylaine Padlan, Medical Officer III ng One Hospital Command Center. Salamat po, Doc.!

DR. PADLAN: Thank you po. Salamat din po and ingat po kayo.

USEC. IGNACIO: Nanawagan po ang Department of Health sa publiko na mahigpit na sumunod sa health protocols. Ayon kasi sa DOH, hindi pa malalaman sa sintomas kung Delta variant ang tumama sa isang tao. [Garbled] mula kay Mark Fetalco:

[NEWS REPORT]

USEC. IGNACIO: Isa po ang baga na pinupuntirya ng COVID-19 virus sa ating katawan kaya naman mahalagang maging alerto po tayo at may tamang kaalaman sa pagtukoy ng mga sakit at kaakibat nitong mga sintomas ngayong panahon ng pandemic. Kaugnay niyan makakausap po natin si Dr. Norberto Francisco, ang spokesperson po ng Lung Center of the Philippines at isa rin pong Pulmonologist. Magandang umaga po Doc.

Doc, can you hear me? Doc, can you hear me? Doc, naka-mute po kayo. Good morning po. Doc, hindi ko pa po kayo naririnig, nag-unmute na po ba tayo? Opo. Babalikan po natin si Dr. Francisco.

Ngayong naka-ilalim sa mahigpit na lockdown ang ilang lugar sa bansa bilang pag-iingat sa Delta variant, kumustahin natin kung paano nga ba pinaigting ng mga awtoridad ang pagbabantay sa mga entry at exit points ng ating kapuluan. Kaugnay niyan makakausap po natin si DOTr Undersecretary Raul Del Rosario. Good morning, Usec.

DOTR USEC. DEL ROSARIO: Magandang umaga po Rocky, sa ngalan po ni DOTr Secretary Arthur Tugade, bumabati kami sa inyong tagapakinig at maraming salamat po sa pagkakataong ito.

USEC. IGNACIO: Opo. Usec., can you hear me? Naririnig ninyo po ba ako?

DOTR USEC. DEL ROSARIO: Opo. Naririnig ko po kayo ng malinaw.

USEC. IGNACIO: Opo. Usec., nagbago ba ang strategy ninyo sa pagkontrol ng mga dumarating at lumalabas na pasahero sa ating mga Airports at iba pang pampublikong transportasyon ngayong naitatala na nga po itong mas nakakahawang Delta variant?

DOTR USEC. DEL ROSARIO: Yes, mayroong mga pagbabago. Unang-una, sa organisasyon dahil nga naitatag ng ating National Task Force ang Crisis Management Plan, at alinsunod dito pinaigting ang border control sa ating mga seaport at airports, kung saan may mga ipinatupad tayong bagong protocols lalung-lalo na sa mga pasaherong dumadating nga [mula] sa mga tinatawag nating restricted countries.

Ito na nga iyong mga nasabi kaninang mga sampung bansa na kung saan lahat ng pasaherong dumadating dito at sa katunayan ay restricted na ang flights diyan pero pinapayagan pa rin ng ating gobyerno ang pagdating ng mga OFWs galing dito specially through our repatriation flights na mina-mount ng DFA at mga special commercial flights.

Ang naidagdag na protocol dito ay dapat mayroon silang RT-PCR test result 48 hours prior to boarding; dapat ay magku-quarantine sila, mandatory quarantine for 14 days at isa-swab sila sa seventh days at sa stringent facility sila dadalhin at binabantayan sila ng regular ng ating Bureau of Quarantine.

USEC. IGNACIO: Opo. Pero, Usec., wala pa rin naman kayong nahuhuli na lumulusot sa ating mga backdoor points sa Mindanao lalo na iyong galing Indonesia at Malaysia?

DOTR USEC. DEL ROSARIO: Mayroon po tayong naorganisa na under ng OCD-9 na nagbabatay ng ating backdoor na tinatawag, at sa ngayon wala naman tayong maramihang naa-apprehend na nagba-violate na illegal entry, lalung-lalo na galing sa mga variant[sic] countries.

USEC. IGNACIO: Opo. Pero, USec., ano naman iyong ginagawa natin para matiyak na COVID-free itong mga dumarating na pasahero at siyempre maging safe din iyong mga kawani ninyo sa Office of Transportation Security?

DOTR USEC. DEL ROSARIO: Unang-una ay pinatupad natin iyong E-Registration or E1 Health pass at saka electronic health declaration card kung saan bago pa lamang dumating ang mga pasahero ay nagri-register na sila at nakikita na natin ang kanilang mga health status at travel history.

So, pagdating dito nababantayan na natin kung sino iyong mga suspected carriers at pagdating na pagdating dumadaan ulit sila sa stringent inspection ng ating BOQ kung saan hinihiwalay ang mga may symptoms. Aside from that, kapag galing nga sa mga variant[sic] countries, tinitingnan ang RT-PCR test result at 14 days quarantine.

Sa pag-iingat naman sa hanay ng ating mga frontline workers, binigyan ng prayoridad na ma-vaccinate ang ating mga transportation frontliners 'ika nga, na nagbabantay sa seaport at airports at saka patuloy pa rin nating pinapaigting of course, iyong mga ating minimum health protocols.

USEC. IGNACIO: [Off mic] tinatawag na mga green o listahan ng mga green countries.

DOTR USEC. DEL ROSARIO: Sa ngayon mayroon tayong 36 countries na tinatawag ngang green countries kung saan may low incidents of COVID sila at ang kagandahan dito sa mga green countries, sila ang binibigyan natin ng lesser quarantine protocol requirements kapag dumating sa bansa.

For example, kapag ang mga pasaherong galing sa green countries na vaccinated ay binibigyan lang sila ng 7 araw na quarantine period, magsa-swab test sila sa ika-5 araw at mari-release sila sa 8th day. Ang kagandahang naidudulot nito ay makakapag-initiate ulit tayo ng economic activities with the so called green countries at marami-rami rin ito. Kabilang sa listahan ang Australia, China, Hong Kong, New Zealand at Taiwan. So, mas mapapabilis ang engagement natin ng mga passenger arrival sa green countries na ito which could spur economic activity.

USEC. IGNACIO: Opo. Bilang head din ng One Stop Shop para po sa management ng returning OFWs, ngayong itinaas pong muli sa 14 days ang quarantine para sa mga nabakunahan nating migrant workers. Paano po iyong proseso natin ngayon dito sa pag-a- assist sa mga vaccinated OFWs na umuuwi sa bansa? Sa inyong datos nasa ilan din po iyong mga umuuwing OFWs kada araw at gaano rin po kabilis ang turn-around time para sa kanilang RT-PCR test?

DOTR USEC. DEL ROSARIO: Sa inisyatibo po ng OWWA nakapag-organisa sila ng mga POLO Vaccinated Passenger Validations team kung saan ang ating mga OFWs ay natsi-check na ang kanilang vaccination history at vaccination records doon pa lang sa panggagalingan nilang mga bansa.

Pagdating ng mga OFW dito itsi-check naman ng ating Bureau of Quarantine iyong POLO vaccination na tinatawag. At gusto kong linawin iyong, Rocky, ang polisiya pa rin natin kapag galing sa green countries at fully vaccinated, ang quarantine period nila ay 7 days at magsa-swab test sila sa ika-5th day.

Doon naman sa mga galing sa non-restricted countries, ang kanilang quarantine period ay 10 days at mari-release sila sa 11th day at ang mga galing sa sinasabi nga nating restricted countries, strictly 14 days quarantine sa mga stringent facilities. Pero ang bago dito, mayroon tayong inuorganisang mga POLO validation offices sa iba't-ibang bansa.

USEC. IGNACIO: Opo. Usec., kami po ay nagpapasalamat sa inyong oras at siyempre sa inyong impormasyon, DOTr Undersecretary Raul Del Rosario. Stay safe, USec.

DOTR USEC. DEL ROSARIO: Kung aking maidagdag doon sa huli mong katanungan. Ito pong daily arrivals natin ay halos umaabot pa rin tayo ng 3,200 passengers daily. Mayroon tayong 2,000 arrivals sa NAIA, 600 sa Cebu at 400 sa Clark at mayroon din tayong nadagdag na entry point sa ating mga airports.

Ang international airports of Subic, Davao and Laoag kung saan nakakatanggap tayo ng pasahero dito on 11th day cycle. So, ang kabuuan nasa mga 3,200 to 3,500 daily ang arrivals natin at sa mga seaports naman ay mayroon tayong daily arrivals of 187 seafarers daily. Iyon lang po, maraming salamat.

USEC. IGNACIO: Maraming salamat, Usec. Del Rosario ng DOTr.

Sa iba pang mga balita, mga kababayan nating sinalanta ng nagdaang bagyo sa Davao Oriental at mga nawalan ng trabaho sa North Cotabato ang hinatiran naman ng tulong ng outreach team ni Sen. Go, kamakailan. Narito po ang report.

[NEWS REPORT]

USEC. IGNACIO: [CONT] Sa iba pang mga balita: Mga kababayan nating sinalanta ng nagdaang bagyo sa Davao Oriental at mga nawalan ng trabaho sa North Cotabato ang hinatiran naman ng tulong outreach team ni Senator Go kamakailan. Narito po ang report:

[VTR]

USEC. IGNACIO: Samantala, muli po nating balikan si Dr. Norberto Francisco ng Lung Center of the Philippines. Dok?

DR. FRANCISCO: Magandang umaga, Usec. Rocky Ignacio at sa ating mga tagapanood at mga tagapakinig.

USEC. IGNACIO: Kami po ay humihingi ng paumanhin kanina, ano po, medyo hindi naging maganda ang linya ng komunikasyon. Pero, Dok, kumustahin ko po muna iyong sitwasyon ng Lung Center of the Philippines. Kumpara po last year, paano ninyo po mailalarawan iyong lagay ngayon na mayroon na po nang mas nakakahawang Delta variant; at ano po iyong estado ng healthcare capacity ninyo?

DR. FRANCISCO: Ganito po, ang Lung Center ay tumutugon sa mga severe, critical COVID cases. Pinakamaigi na po naming kalagayan iyong mga moderate, kasi nandito po ang mga equipment sa mga complicated lung cases ng COVID.

Ngayon, kumpara po sa last year, kung ang capacity ng hospital ay nasa 200 beds, more or less—nagbabagu-bago po ito kasi eh. May mga nasisirang kama, may mga nadadagdag na kuwarto. Kapag ho mababa ang mga kaso ng COVID, siguro nasa around 35% lang ng operational capacity ng ospital ang dedicated sa COVID. Habang tumataas po ang kaso, dinadagdagan po namin iyong percentage ng mga kama na naka-dedicate sa COVID.

Sa ngayon po ay nasa 76% na po kami na dedicated sa COVID, and this is about the highest. Hindi po namin puwedeng gawing 100% kasi ang mandato po ng Lung Center ay gumamot sa lahat ng klaseng lung diseases. But in the exigency of service at saka sa pangangailangan, tinataas po namin iyong proportion. Now that [unclear] fixed hospital operational capacity; ngayon po nagdadagdag kami ng mga tinatawag na hospitainers, ito po iyong mga modular hospitals na naririnig ninyo sa balita. Kaya po tinawag na ‘hospitainers’ ito, sa labas po ang itsura nito ay parang container van pero ang loob po nito ay dinisenyo para sa mga COVID cases – moderate, severe and critical cases.

So what we are hoping to do is to be able to increase the operational bed capacity of the hospital para hindi ho mag-overflow iyong emergency room; para kahit marami pong kaso, naa-absorb pa rin po namin sila.

Hindi pa ho operational itong lahat ng mga hospitainers na ito but we are doing our best to be able to consolidate our efforts to get the necessary equipment. Kasi po kapag COVID, maraming kinakailangan na gamit eh, unang-una, walang bantay; pangalawa, kritikal ang mga kondisyon nila. So we need to minimize the exposure of the healthcare worker with the patients, and we are able to do this by installing CCTV cameras, telemetry machines – ito iyong mga equipment na nakakapag-monitor ng vital signs, oxygen consumption ng pasyente habang naka-remote control po sila.

So ito po ang mga ginagawa namin para magamit natin unti-unti iyong mga modular hospitals at mapalawak pa namin ang mga operational bed capacity ng ospital.

USEC. IGNACIO: Opo. Dok, may tanong lang po iyong ilang kasamahan natin sa media sa inyo. Si Vic Tahod po ng DZAR 1026 Sonshine Radio: Ilan po raw mga batang naka-admit na positibo sa COVID-19 sa Lung Center of the Philippines?

DR. FRANCISCO: Ilan pong mga?

USEC. IGNACIO: Bata po.

DR. FRANCISCO: Sa ngayon po ay wala kaming pediatric COVID cases because Lung Center is generally a center for adults. Kailan lang naman kami nagkaroon ng pediatric pulmonary service dito. So limited po ang staff sa pediatric cases sa Lung Center, and in the exigency of service, iyong mga personnel po na naka-assign sa pediatric units dati ay kinailangan po naming i-deploy muna doon sa mas nangangailangan ng adult services.

So iyong mga pediatric cases, I believe, there are other hospitals who can handle them.

USEC. IGNACIO: Opo. Dok, base po sa inilabas na pag-aaral ng WHO, iyong mga simpleng pagbahing ay sintomas na rin nang mas nakakahawang Delta variant. Pero, Dok, paano naman daw po iyong mga may existing allergies gaya po ng allergic rhinitis? Kung persistent po ba o mas madalas than the usual iyong pag-atake ng kanilang allergy, ibig sabihin po ba na sign na ito na kailangan nilang magpa-test for COVID?

DR. FRANCISCO: Well, that's a very challenging and difficult situation. Kailangan po kung may history sila ng allergy, kabisadong-kabisado nila kung ano iyong nararamdaman nila with their allergies. Kung gaano sila kadalas bahingin, kung ano iyong mga triggers nila, kung ano iyong itsura noong lumalabas sa kanilang ilong, ano. Is it watery, is it colorless, iyong mga ganoong character. Kasi kapag nagbago po ito, baka nagkaroon ng super imposed infection.

Ganoon pa man, may mga kaso ng COVID na asymptomatic. So we cannot really assume and assure na komo hindi nagbago, hindi nagka-COVID. Lalo na kung mayroon silang known exposure to a confirmed case. So we have to be very diligent. Talagang mahirap pong sagutin iyang tanong na iyan. Walang isang sagot po doon sa tanong na iyon.

Kaming mga clinicians, ganiyan po eh. Tinitingnan namin iyong detalye iyong kanilang mga dating nararamdaman and then we compare kung nagbago o hindi. But then again, having said that, a lot of Delta variant cases are asymptomatic. We always have to keep this in mind. And tingnan natin kung nagkaroon ng history of exposure or community transmission doon sa pinanggagalingan nila. Every detail should be taken into consideration.

USEC. IGNACIO: Opo. Doc, para naman daw po sa mga may existing pulmonary condition ngayong panahon ng pandemic, paanong pag-iingat po ang dapat nilang gawin?

DR. FRANCISCO: Kailangan panatilihin nilang malusog iyong buong katawan. Because there is no one single factor that will make the lungs itself stronger. Kailangan malakas iyong buong sistema, iyong buong katawan, iyong immune system alagaan, kumain nang wasto at nutritious diet at huwag abusuhin ang katawan. Ang aking laging sinasabi, kung may mga bagay na hindi naman necessary na puwedeng iwasan, halimbawa, iyong paglabas ng bahay o iyong paghawak-hawak ng mga bagay sa public places, ano? Minsan usisera tayo eh, "Ano kaya ito," tapos hahawak-hawakan. Iyon pong mga bagay na iyan iwasan eh.

And then kung may lalapit sa inyo dumistansiya po kayo at siyempre habang nasa labas, talagang wala munang tanggalan ng mask at face shield hanggang maaari. Kung puwedeng huwag munang kumain sa labas, huwag munang sumubo, kasi obligado kayong magtanggap ng mga proteksiyon ninyo, huwag na muna. Think twice before doing anything.

USEC. IGNACIO: Opo. Doc, may pahabol lang na tanong sa inyo si Joseph Morong ng GMA News. Ito po ang tanong niyan sa inyo: Nararamdaman na po ba ang effect ng ECQ sa admission in healthcare capacity?

DR. FRANCISCO: Hindi pa, Joseph, tumataas pa iyong aming census. We have a minimum of two weeks lag here from the time we institute a certain quarantine status bago natin makita iyong effect. And this has something to do with the incubation period of the virus. So, halimbawa from July 13, that was our lowest census of 20 admitted COVID patients, by the end of the month, naging three times iyan, mga 60 admitted cases noong end of July. Ngayon, nasa August 13 tayo, roughly two weeks after, we are at 135 admitted patients. So if we compare last month, July 13 up to now. August 13, exactly one month, we have almost 7 times more. At saka exponential the past few days. Kung dati mga early mid-July eh straight iyong pagtaas ng kaso, the past few days nag-exponential na ganiyan. So, definitely hindi iyan ang epekto pa ng ECQ natin.

USEC. IGNACIO: Opo. Ang second question po niya: Sa palagay daw po ninyo, itong two week ECQ is enough na nakakahinga na ba ang ating mga ospital or kailangan pa pong ma-extend?

DR. FRANCISCO: If you will ask the medical personnel, I think we still have to extend this, this is purely on the medical aspect. Kasi ngayon pa lang namin natatanggap iyong mga increasing cases from the community.

USEC. IGNACIO: Opo. Doc, kami po ay nagpapasalamat sa inyong panahon at siyempre paliwanag. Baka palagi po namin kayong maimbitahan dito, Dr. Norberto Francisco, ang Spokesperson ng Lung Center of the Philippines. Maraming salamat po sa inyong panahon.

DR. FRANCISCO: Salamat din po sa inyo at sa inyong mga serbisyo sa pagpapalawig ng ating mga impormasyon sa ating publiko.

USEC. IGNACIO: Opo. Salamat po.

Samantala, bukas na po sa bagong episode ng Ani at Kita alamin natin itong programa ng Department of Agriculture na Kadiwa ni Ani at Kita na malaki na po ang naitulong sa mga magsasaka at mangingisda ng Sta. Ana Multi-Purpose Cooperatives at [unclear] Star Farmville. Abangan po iyan bukas sa Ani at Kita.

At iyan po ang mga balitang aming nakalap ngayong araw.

Sa ngalan po ni Secretary Martin Andanar, ako po si USec. Rocky Ignacio ng PCOO. Magkita-kita uli tayo bukas dito lamang sa Public Briefing #LagingHandaPH.

##

--

News and Information Bureau-Data Processing Center